Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Sinubok ng Diyos ang Pag-ibig ni Abraham

Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus
Ibinagay nila: M. Maillot at Tammy S.
Isinalin ni: Dulia Penalber
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2013 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.


Isang gabi, ang Diyos ay nagbigay ng subok kay Abraham. Ito ay upang malaman kung ang pagmamahal niya sa kanyang anak na si Isaac ay higit kaysa sa Diyos.

"Dalhin mo ang anak na si Isaak, at ihandog mo siya gaya ng hayop na susunugin sa altar," ang utos ng Diyos. Ihandog si Isaak? Ihain ang kanyang anak? Iyon ay mahirap para kay Abraham. Mahal na mahal niya ang kanyang anak.


May tiwala si Abraham
sa Diyos kahit hindi
niya naunawaan ang utos.
Kinabukasan, kasama si
Isaak at ang dalawang alipin,
si Abraham ay
nagtungo sa
bundok upang

Bago umalis, si Abraham
ay nagsibak ng kahoy bilang
panggatong kasama
ng handog. Siya
ay nagpasya na
sumunod Diyos.



Pagkatapos ng tatlong araw, sila ay malapit na sa bundok. "Dito muna kayo,"
ang sabi ni Abraham sa kanyang mga alipin.

"Sasamba kami sa dako
roon, at babalikan namin
kayo," ang sabi ni Abraham.
Dala niya ang apoy
at patalim,
at dala ni Isaak
ang kahoy na
panggatong.


“Saan ang tupa na handog sa altar?” ang tanong ni Isaak.
“Ang Diyos ay magbibigay ng kanyang sariling tupa,” ang sagot ni Abraham.


Ang dalawa ay pumunta sa lugar na pinili ng Diyos. Doon, gumawa si Abraham ng altar at inayos ang mga kahoy upang magsunog ng handog sa Diyos. Maraming altar na nagawa si Abraham. Ngunit ito ang pinakamahirap na gawin.



Tinali
at hiniga
sa altar si
Isaak. Susunod
kaya si Abraham
sa utos ng Diyos
at ihandog
si Isaak?



Oo! Ang talab ng kutsilyo ay nakita habang itinaas ito. Ang kanyang puso ay marahil sumusakit, ngunit alam ni Abraham na dapat siyang sumunod sa utos ng Diyos.


"Huwag" ang sigaw ng isang anghel. "Ngayon alam ko na may takot ka sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa mong anak."


Nakita ni Abraham ang isang lalaking tupa na napasabit sa mga halamanan. Ito ang kanyang kinuha at inihandog sa halip na ang kanyang anak.


Maaring naisip ni Isaak, "Nagbigay ang Diyos ng handog ayon sa sabi ng aking ama."

Habang ang ama at anak ay nagsamba, ang anghel ng Diyos ay nagsalita kay Abraham. "Sa iyong mga anak, ang lahat ng mga bansa ay pagpapalain dahil sa iyong pagsunod." Sa darating na araw, si Hesus ay ipanganganak na galing sa lahi ni Abraham.

Muling umuwi si Abraham at Isaak. Makalipas ang panahon, namatay si Sara. Si Abraham ay nawalan ng asawa, at si Isaak ay nawalan ng ina.



Pagkatapos ng libing, pinadala ni Abraham ang kanyang alipin sa kanyang dating bayan upang hanapan si Isaak ng isang asawa.



Tumungo ang alipin. Siya ay humingi ng tanda sa Diyos, "Ang babaeng magbibigay ng tubig sa aking mga kamelyo ay siyang magiging asawa ni Isaak." Dumating si Rebeca at nagpainom mula sa balon. Siya ay mula sa lahi ni Abraham. Naisip ng alipin na si Rebeca ang sagot sa kanyang panalangin.

Iniwan ni Rebeca ang kanyang pamilya.
Siya ay naging asawa ni Isaak, at naging kaaliwan sa pagkamatay ni Sara. Minahal ni Isaak si Rebeca!

Sinubok ng Diyos ang Pag-ibig ni Abraham

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 22-24

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16